



Creating
an inclusive
community
together

Istratehiya sa Kapansanan ng Australya 2021 – 2031

Buod ng Plano sa Pagpapabuti ng mga Datos

Filipino

Panimula

Ang layunin ng Australia's Disability Strategy (ang Istratehiya) Data Improvement Plan (DIP) (Plano sa Pagpapabuti ng mga Datos) ay upang mapabuti ang mga datos na kailangan upang masubaybayan ang progreso laban sa Strategy Outcomes Framework (Balangkas ng mga Kalalabasan ng Istratehiya) (Outcomes Framework - Balangkas ng mga Kalalabasan). Ang Outcomes Framework ay binubuo ng 85 mga hakbang sa 7 mga Kalalabasang Bahagi. Apatnapu't isa ang mga hakbang para sa mga sistema, 40 ang mga hakbang para sa populasyon at 4 ang mga hakbang para sa mga saloobin ng komunidad. Binubuo ito ng panlungsad na mga hakbang na mayroon nang mga datos upang mag-ulat kumpara sa mga ito at sa mga hakbang sa hinaharap na kailangang bumuo ng mga datos o iugnay upang makapag-ulat kumpara sa kanila.

Ang Department of Social Services (DSS) (Departamento ng mga Serbisyong Panlipunan) ay bumuo ng DIP na may pakikipagkonsultasyon sa mga taong may kapansanan at sa mga ahensya ng pamahalaang Australya, estado at teritoryo. Kailangang may mga kaayusan ng iba't ibang hurisdiksyon upang makapaghatid ng mga datos para sa Outcomes Framework. Ang panghuling mga desisyon tungkol sa pagpapabuti ng mga datos ay isasagawa ng Disability Reform Ministers (Mga Ministro ng mga Pagbabago ng Kapansanan).

Napagkasunduan ng lahat ng mga pamahalaan na makipagtulungang mabuti sa mga taong may kapansanan sa buong panahon ng Istratehiya. Pakikinggan at isasaalang-alang ang mga opinyon ng mga taong may kapansanan, mga stakeholder (mga interesadong partido) ng sektor ng kapansanan at iba-ibang mga grupo sa loob ng sektor. Ipagpapatuloy ang pakikipag-ugnayan sa mga taong may kapansanan at mga grupong interseksyonal (magkaka-ugnay) gaya ng mga Taong First Nations na may kapansanan, mga taong may kapansanan na buhat sa mga komunidad na may magkakaiba-ibang kultura at wika, at mga kababaihang may kapansanan upang matiyak na isasaalang-alang at isasali ang malawak na hanay ng mga opinyon.

Pagkakahanay

Nakahanay ang DIP sa sumusunod na mga dokumento:

- Istratehiya sa Kapansanan ng Australya 2021–2031
- ang National Agreement on Closing the Gap (Pambansang Kasunduan sa Pagsasara ng Agwat).

Mga datos

Ang mga Datos para sa Outcomes Framework ay manggagaling sa iba't ibang pagkukunan, kabilang ang:

- mga datos ng survey, kabilang ang Survey of Disability, Ageing and Carers (SDAC - Survey ng Kapansanan, Pagtanda at mga Tagapag-alaga), iba pang mga survey ng ABS, at Australia's Disability Strategy Survey (Survey ng Istratehiya sa Kapansanan ng Australya) (Survey ng Istratehiya) tungkol sa mga saloobin ng komunidad sa mga taong may kapansanan
- mga datos ng pangangasiwa, kabilang ang mula sa National Disability Insurance Scheme (NDIS - Pambansang Sistema ng Seguro sa Kapansanan), at mga departamento ng kalusugan at edukasyon ng estado at teritoryo
- pag-uugnay ng mga dataset upang mapabuti ang kalidad at kakayahang maikumpara ang mga datos upang lumikha ng malawak na hanay ng bagong mga pag-unawa sa pamamagitan ng mga mekanismo kabilang ang National Disability Data Asset (NDDA).

Ang mataas na kalidad na pamamahala ng mga datos ay magpapabuti ng paggawa ng desisyon at magkakaroon ng kolaborasyon sa kabuuan ng mga pamahalaang Australya, estado at teritoryo. Tutulong ito na masukat ng mga pamahalaan ang epekto ng mga serbisyong kanilang inihahatid para sa mga taong may kapansanan.

Pagkakaiba-iba at pagkakaugna-ugnayan

Kinikilala ng Istratehiya at DIP ang kahalagahan ng pag-unawa, pagkilala at pagdiriwang ng pagkakaiba-iba ng pangkapansanang komunidad. Kabilang dito ang pag-unawa ng pagkakaugna-ugnayan (intersectionality), ibig sabihin, ang potensyal para maranasan ng mga tao ang disbentaha dahil sa pagkaugna-ugnayan ng kanilang kasarian, edad, lahi, kultura, identidad ng kasarian, oryentasyong sekswal, kapansanan, katayuan ng kapansanan, katayuang panlipunan at pangkabuhayan, relihiyon at iba pang mga dimensyon. Ang mga dimensyong ito ay magkakaugnay; bawat isa ay pinagbabatayan ng kabila at mayroon silang mga nagkakasanib-sanib at nagkakadoble-dobleng mga epekto.

Kapag bumubuo ng mga bagong pagkukunan ng mga datos para sa mga hakbang para sa hinaharap o pagpapabuti ng mga datos para sa panlungsad na mga hakbang, ang kakayahang paghiwa-hiwalayin ang mga datos sa maraming paraang makakaya ay isang prayoridad.

Mga Hakbang sa Hinaharap sa Outcomes Framework

Kabilang ang mga hakbang sa hinaharap para sa Outcomes Framework sa bahagi ng pangako na pabutihin ang mga hakbang at upang pinuhin ang Outcomes Framework sa panahon ng Istratehiya.

May 38 mga hakbang sa hinaharap. Ang mga datos para sa ilan ay nakukuha na simula nang ilunsad ang Istratehiya. Ang iba ay mangangailangan ng karagdagang trabaho bago makapag-ulat kumpara sa mga ito.

Mayroon na ngayong dalawang hakbang at ang mga ito ay ilalathala sa [mga webpage ng Outcomes Framework](#) sa unang pag-update sa kalagitnaan ng 2023. Ang mga hakbang na ito ay kaugnay sa pagtatrabaho ng mga kalahok sa NDIS, at mga empleyadong may kapansanan sa pampublikong sektor.

Apat na mga hakbang ang kukunin mula sa Strategy Survey na tatalakay sa mga Saloobin ng Komunidad na Kalalabasang Bahagi. Ang pagkolekta ng mga datos para sa Strategy Survey ay sinimulan noong Setyembre 2022 at matatapos sa Enero 2023. Pagsasama-samahin ang mga datos mula sa simula ng 2023, susundan ng pagsusuri mula sa Marso hanggang Hunyo 2023 at ilalathala sa [mga webpage ng Outcomes Framework](#) bago dumating ang Setyembre 2023.

May makukuhang karagdagang 4 na mga hakbang sa katapusan ng 2023 o sa 2024. Ang 4 na mga hakbang na ito ay maaaring maiulat sa pamamagitan ng pag-ugnay sa Multi-Agency Data Integration Project (MADIP). Ang mga hakbang na ito ay kaugnay sa tagal ng panahon at muling pagbibigay ng ebidensya sa sistema ng pagprotekta sa bata, maiiwasang mga pagkamatay sa ospital at hindi boluntaryong pagpapaospital.

Ang isang hakbang ay gagamit ng mga datos ng NDIS at ikukumpara sa tagumpay ng mga pag-ugnay (linkages) ng mga kalahok sa NDIS sa panlahat at pangkomunidad na mga serbisyo at sistema. Ang pag-uulat tungkol sa hakbang na ito ay malamang makuha simula sa 2026.

Ang mga datos para sa 7 karagdagang mga hakbang ay mangangailangan ng kumplikadong pag-ugnay (linkage) ng mga datos sa pamamagitan ng NDDA o katulad na mga cross-jurisdictional data asset. Inaasahang makukuha ang mga datos na ito sa pagitan ng 2024 at 2025.

Ang mga datos mula sa mga bagong tanong sa survey ay kailangang mag-ulat at sumubaybay sa 12 mga hakbang. Ang mga datos na ito ay kokolektahin sa pamamagitan ng pagdadagdag ng mga tanong sa isang umiiral na survey, gaya ng SDAC o Strategy Survey, o sa pamamagitan ng bagong survey.

Ang kolaborasyon tungkol sa mga kahulugan, pamamaraan at pangangasiwa ay kailangan upang matalakay ang natitirang 8 mga hakbang sa hinaharap. Ang mga working group ay titipunin ng DSS katuwang ang nauugnay na mga ahensya ng Pamahalaang Australya, at mga pamahalaang estado at teritoryo. Nasimulan na ang pagpapalano para sa mga working group. Inaasahang matatapos ang mga working group bago matapos ang 2023. Ito ay susundan ng isang panahon ng pagkolekta at pag-uulat ng mga datos.

Mga Panlunsad na mga Hakbang sa Outcomes Framework

Dapat pabutihin ng pag-uugnay ng mga datos ang ilang mga panlunsad na mga hakbang sa pamamagitan ng:

- pagpapabuti ng kalidad ng mga datos na ginagamit sa pagsusuri ng mga hakbang
- pag-aalok ng bagong mga pag-unawa na hindi nakuha dati
- padalasin ang pag-uulat tungkol sa mga hakbang
- pahintulutan ang populasyon na maka-access ng mga resulta ng mga hakbang na mas nauugnay sa kanila – halimbawa, batay sa kanilang kinaroroonan, uri ng kapansanan o paggamit ng mga suportang pangkapansanan.

Mapapabuti ang iba pang panlunsad na mga hakbang sa pamamagitan ng kolaborasyon ng mga pamahalaang Australya, estado at teritoryo. Kabilang dito ang pagkakasundo tungkol sa istandard na kahulugan at mga gawi sa pagkolekta na magpapahintulot sa pagkumpara sa buong bansa.

Ang landas pasulong

Sa pakikipagtulungang mabuti sa mga taong may kapansanan, lahat ng mga pamahalaan ay patuloy na makabubuo ng mga datos para sa mga hakbang sa hinaharap at mapapabuti ang kalidad at kakayahan sa paggamit ng mga datos tungkol sa mga taong may kapansanan sa buong panahon ng Istratehiya.

Ang DIP ay maa-update alinsunod sa mga puntos ng pagrebyu ng Istratehiya. Ang unang pagrebyu ay susunod sa panghuling ulat ng Royal Commission sa Karahasan, Pang-aabuso, Pagpapabaya at Pagsasamantala sa mga Taong may Kapansanan sa katapusan ng 2023. May kasunod na karagdagang mga pagrebyu sa 2025 at 2029.